



Mga Madalas Itanong sa mga Claim para sa Sunog

T: Nasira ang policy ko sa sunog, saan ako makakakuha ng bago?

S: Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong kompanya ng insurance o ahente ng insurance para makakuha ng kopya. Kung may website o app sa telepono ang iyong insurer, maaari mong ma-access ang iyong policy at maghain ng claim sa pamamagitan ng paraan na iyon.

T: Kanino ako makikipag-ugnayan para makapaghain ng claim?

S: Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong kompanya ng insurance o ahente ng insurance para makakuha ng kopya. Kung may kopya ka ng iyong policy, mangyaring basahin ang pamamaraan sa paghahain ng claim. Karaniwang nakikita ang mga tagubilin na ito sa Mga Tungkulin Pagtapos ng Kawalan (o Pangyayari) sa ilalim ng seksyon ng mga Kondisyon ng iyong policy.

T: Paano nagaganap ang proseso ng mga claim?

S: Kapag naihain ang isang claim, magtatagala ang kompanya ng insurance ng isang claims adjuster para tayahin ang pinsala at alamin ang kabayaran. Hinihikayat namin ang mga may-ari ng bahay na tandaan at subaybayan ang mga petsa ng anumang mga pakikipag-usap sa ahente ng insurance at adjuster.

T: Kung nasunog ang bahay ko o napinsala dahil sa sunog, ano ang dapat kong gawin bago at pagkatapos kong maghain ng claim?

S: Dapat isaalang-alang ng mga may-ari ng bahay na sundin ang mga hakbang bago at pagkatapos maghain ng claim.

- Iulat ang pinsala sa iyong kompanya ng insurance o ahente (kumuha ng claim).
- Kung hindi na matitirhan ang iyong bahay o condo, magtanong kung saklaw ba ng iyong policy ang gastos para sa pansamantala o alternatibong pabahay.
- Isumite ang mga form ng katunayan ng kawalan o iba pang mga form ng claim kung hiniling ng iyong kompanya ng insurance. Maaaring may deadline para sa mga form na ito kapag nagawa na ang kahilingang ito.
- Kung naaangkop, itabi at panatilihi ng ligtas ang mga napinsalang gamit para sa susunod na pagsusuri o inspeksyon ng iyong adjuster.
- Huwag magsimula ng permanenteng mga pagsasaayos hanggang sa mainspeksyon ng isang adjuster ang pinsala o sinabi na sa iyo ng insurer mo na magpaayos ka na.
- Makipagtulungan sa iyong adjuster at sa isang lisensyadong contractor para tantyahin ang gastos ng mga pagsasaayos.
- Simulan ang pagsasaayos pagkatapos matanggap ang mga check ng settlement.

Huwag pumasok sa iyong ari-arian hanggang sa may pahintulot ka nang pumasok dahil ligtas na. Kung hindi mo mataya ang pinsala, ipaalam ito sa iyong insurer at makipag-ugnayan sa kanila hanggang sa mataya mo na ari-arian sa tulong ng isang adjuster.

T: Paano ako makakakuha ng paunang-bayad?

S: Makipag-usap sa iyong claims adjuster para malaman kung anong katunayan ang kinakailangan para maibigay ang iyong kabayaran ng insurance. Tanungin kung ito ba ay partial na kabayaran o ang buong kabayaran na.

T: Mababayaran ba ako para sa karagdagang mga gastos sa pamumuhay at supply na kinailangan kong bayaran pagkatapos ng sunog?

S: Itago ang lahat ng iyong mga resibo o ilista ang lahat ng iyong mga gastos at talakayin ang iyong naka-itemize na listahan ng iyong mga gastos sa pamumuhay sa iyong claims adjuster para malaman kung ano ang mababayaran.

T: Magkano ang ibabayad sa akin ng kompanya ng insurance para sa kawalan ng paggamit (karagdagang gastos sa pamumuhay)?

A: Ililista ang maximum na halaga ng saklaw na ito sa iyong policy declaration page. Matutukoy ang halaga at dalas ng mga pagbabayad batay sa iyong tiyak na mga tuntunin ng policy at mga pamamaraan ng kompanya ng insurance. Makipag-usap sa iyong claims adjuster o ahente para maunawaan kung magkano ang salaping ibibigay (halaga ng bawat kabayaran) at ang dalas (kung gaano kadalas gagawin ang kabayaran, lump sum, buwanan, atbp). Kailangang pamahalaan ang saklaw na ito nang pangmatagalan dahil maaaring abutin ng maraming mga taon ang proseso ng pag-recover.

T: May \$1M na limitasyon para sa saklaw A ang homeowners policy ko, makakakuha ba ako ng check na may ganitong halaga dahil lubusang nawala ang bahay ko?

S: Ang (mga) limitasyong nakalista sa iyong declaration page ay ang maximum na halagang available para sa bawat saklaw pero hindi ibig sabihin nito ay matatanggap mo ang maximum na halaga. Makipag-usap sa iyong claims adjuster o ahente para maunawaan kung magkano ang maibibigay para sa bawat saklaw at ano ang mga pamamaraan o hakbang na kakailanganin mong gawin para matanggap ang iyong kabayaran ng claim. Madalas na ibinibigay ang mga partial na kabayaran sa kabuuan ng proseso ng pagtatayong muli ng bahay at sa pagkakataong napalitan ang personal na ari-arian.

T: \$1M ang limitasyon ng aking Saklaw A pero ang sabi ng kompanya ng insurance ay bibigyan lamang nila ako ng

\$300k para sa muling pagpapatayo, legal ba ito?

S: Tanungin ang iyong claims adjuster o ahente ng insurance para sa pagkuha ng halaga ng iyong ari-arian at kung paano natutukoy ang halaga ng settlement. Magtanong kung mayroon bang anumang mga pagbabawas, limitasyon, o parusang nailapat sa iyong halaga ng settlement.

T: Anong saklaw ang kinakailangan para sa isang nasunog na kotse?

S: Sa pangkalahatan, Komprehensibo o OTC (Other Than Collision) na saklaw ang kinakailangan para bayaran ang pinsala sa iyong sasakyan kung ito ay napinsala sa sunog. Makipag-ugnayan sa iyong claims adjuster o ahente ng insurance para talakayin ang tiyak na saklaw o mga tanong tungkol sa policy.

T: Nasira ang kotse ko at mayroon akong lien (utang sa bangko) sa kotse.

Pinadalhan ako ng kompanya ng insurance ng isang two-party check (may-ari at bangko), pinahihintulutan ba ito?

S: Kung may lien ka sa iyong kotse, karaniwan na ibinibigay ang isang two-party check. Makipag-ugnayan sa iyong bangko o kinatawan ng bangko para malaman kung paano mo magagamit/mailalapat ang iyong check ng claim. Maaaring mayroon pang natitirang balanse sa auto loan.

T: Paano ko mahahanap ang life insurance policy ng isang namatay na miyembro ng pamilya?

S: Maaari kang pumunta sa NAIC Life Insurance Policy Locator sa <https://eapps.naic.org/life-policy-locator/#/welcome> to start the process. Kakailanganin mo ang social security number, legal na unang pangalan, legal na apelyido, petsa ng kapanganakan, petsa ng kamatayan, at iba pang impormasyon ng namatay. Libre ang serbisyo. Kung nakita ang policy at ikaw ang benepisyaryo, direktang makikipag-ugnayan sa iyo ang kompanya ng life insurance o annuity. Kung hindi nakita ang policy o hindi ikaw ang benepisyaryo, hindi ka kokontakin.

**Makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Insurance ng
Hawaii kung mayroon kang mga katanungan o
alalahanin.**

Telepono: 808-586-2790

Email: insurance@dcca.hawaii.gov

Website: cca.hawaii.gov/ins

